REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

OFFICE OF THE SECRETARY

Oktubre 22, 1999

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**
**Blg. 464, s. 1999**

PAMBANSANG PANAYAM–PALIHAN

Sa mga:

Panrehiyong Direktor
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Kagawaran ng Filipino ng Pamantasan ng Ateneo de Manila ay magsasagawa ng isang Pambansang Panayam–Palihan sa AVR Room, Social Science Bldg., Loyola Heights Campus sa ika-7-9 ng Abril, 2000.

2. Ang paksang diwa ng Panayam–Palihan na ito ay, "Kapag Binago Mo Ang Berso: Iba't-ibang Dulog sa Pagbasa ng Tula." Layunin ng seminar na ito na:

- maglaan ng mga natatanging istratehiya at lapit gamit ang mga kaisipang tradisyunal, moderno, postmoderno at postkolonyal sa pagtuturo at pagbabago ng tula;
- maghain ng mga batayang prinsipyo sa pagbasa ng mga tulang maituturing na tradisyunal at kontemporanyo;
- magsulong ng mga usaping kinasasangkutan ng pagtuturo at pagbabasa ng tula;
- magpahalaga at maaliw sa panulaang Filipino.

3. Maaaring dumalo sa seminar na ito ang mga nagtuturo ng panitikang Filipino, kultura at kasaysayan mula sa pribado at pampublikong mababa at mataas na paaralan; kapwa mangingibig sa tula, makata at iba pang manlilikha ng sining; at, natutulala at mulala sa tula.

4. Ang mga dadalo mula sa pampublikong paaralan ay maaaring dumalo sa opisyal na oras lamang. Samantala, ang mga dadalo mula sa pribadong sektor ay mangyaring makipag-ugnayan sa kani-kanilang administrador.

220 r

5. Para sa rehistrasyon ng naturang seminar, ang butaw ay Tatlong Libong Piso (P3,000.00) para sa mga materyal, meryenda at tanghalian sa loob ng dalawa at kalahating araw.

6. Makipag-ugnayan lamang sa Kagawaran ng Filipino, Pamantasang Ateneo de Manila, Loyola Heights, Quezon City, P.O. Box 154, Manila o sa Telepono Blg. 4266001 ext. 5350-51 o e-mail sa http://members.tripod.com/kagawaran at filipino@pusit.admu.edu.ph para sa karagdagang kaalaman.

7. Inaasahan ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Andrew Gonzalez
ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

**Sanggunian: Wala**
**Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)**
**Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan**
**sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:**

**Leaning Area, FILIPINO**
**SEMINARS**

ru. Obn 10/2